# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG SETYEMBRE 11, 2023, LUNES, IKA-9:36 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |

RECORDED By: Date: 19 SEP 2023 Sangguniang Bayan Office Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 09/20/23 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 345-T2023**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGLILIPAT AT PAGDARAGDAG NG LAANG GUGULIN NA NAGKAKAHALAGA NG P83,340.00 MULA SA PONDO NG CLERK III (SALARY) PATUNGO SA MONETIZATION OF LEAVE CREDITS AT HALAGANG P70,000.00 MULA SA PONDO NG OTHER SUPPLIES AND MATERIALS EXPENSES PATUNGO SA TRAVELLING EXPENSES NG TANGGAPAN NG PAMBAYANG INGAT-YAMAN.**

**SAPAGKAT**, may pagliliwat mula kay G. Melvin Bonza, Pambayang Administrador sa atas ng Kgg. Punong Bayan Edgar S. San Luis, ang liham- kahilingan ni G. Ronaldo O. Valles, Pambayang Ingat-Yaman na makapaglipat at makapagdagdag ng Laang Gugulin sa kanilang tanggapan;

**SAPAGKAT,** ang kahilingan ay iniliwat at tinalakay ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan ng sangguniang ito;

**SAPAGKAT**, sa isinagawang pagtalakay, ipinarating ni Gng. Marlene Añonuevo, kinatawan ng Pambayang Ingat-Yaman, na may isang kawani na humiling na makapag-monetize ng leave credits, para sa limang buwan lamang, gayundin ay may mga nakaabang na Travelling Expenses ang naturang tanggapan;

**SAPAGKAT,** matapos isaalang-alang ang pagtugon sa tinalakay na kahilingan ay inirekomenda ng lupon na pagtibayin ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kgg. Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan); na pinangalawahan nina Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. at Kgg. Lucena R. Odejar at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Kgg. Sangguniang Bayan na ngayon ay kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang paglilipat at pagdaragdag ng Laang Gugulin na nagkakahalaga ng P83,340.00 mula sa pondo ng Clerk III (Salary) patungo sa Monetization of Leave Credits at halagang P70,000.00 mula sa pondo sa Other Supplies and Materials Expenses patungo sa Travelling Expenses ng Tanggapan ng Pambayang Ingat-yaman.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Setyembre 11, 2023.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

9/19/23

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

0019 23335